

Mayo , 2020

Sa mga Magulang

Osaka City Board of Education

Osaka City hirano School

Principal きたしろ 北代 あきら 聡

Magpapatuloy na Walang Pasok 【Mayo 11 (Lunes)~Mayo 31 (Linggo) 】

1 Magpapatuloy na walang pasok

- Magpapatuloy na walang pasok mula Mayo 11 (Lunes) hanggang Mayo 31 (Linggo).
- Maaaring magbago it depende sa gobyerno ng Hapon o ng Osaka.

2 May araw na pupunta ng eskuwela.

- Isang beses mula Mayo 11 (Lunes) hanggang Mayo 15 (Biyernes).
Dalawang beses mula Mayo 18 (Lunes) hanggang 29 (Biyernes)
→May araw na papasok sa eskuwela (Pakitignan lamang ang homepage ng eskuwela.)
- Magkakaklase pero babawasan ang bilang ng estudyante.
- Ang admission orientation ng Grade 1 elementary at 1st year junior high school ay gagawin isang araw mula Mayo 11 (Lunes) hanggang Mayo 15 (Biyernes) (Pakitignan lamang ang homepage.)
- Walang ihahandang tanghalian (kyushoku) sa araw na pumasok.
- Sa araw pumasok i-che-check ang kalusugan ng bata, ang pag-aaral at mag-eeherhisyo ng kaunti.
- Mag-mask kapag pumasok.

- 3 Kung may anumang problema, halimbawa, hindi makasama ang kapamilya sa bahay, pakitawagan lamang ang eskuwela.

(hirano Elementary School

☎ 6 7 9 1 - 6 6 2 6)



- 4 Tignan natin ang kalagayan ng bata.

- Bawat umaga, tignan ang temperatura at kalagayan ng katawan ng bata.
→Isulat ito sa “Health Observation Chart”.
- Dalhin ang “Health Observation Chart” kapag pumasok sa eskuwela.


- 5 Magpahinga lamang sa bahay kung:

○Inuubo ang bata


○Kung nalamang naimpeksyon o may close contact ang bata sa isang naimpeksyon
→Pakitawagan lamang ang eskuwela

- 6 Tumawag kaagad sa eskuwela kung:

- ① Nagka-Covid-19 ang bata.
- ② Nasabihan ng ospital o health center na may close contact ang bata sa naimpeksyon.
- ③Nasabihan ng ospital o health center na may close contact ang isang miyembro ng pamilya.



※Kung may alinmang sintomas na nahihirapang huminga, nanghihina, o may mataas na lagnat.



Pakitawagan lamang ang “Novel Coronavirus Examination Consultation Center”.

7 Ipagawa sa bata ang mga sumusunod.

- ① Papagtulungin sa bahay.
- ② Hanggat maari huwag palabasin.
- ③ Papag-eherhisuhin.
- ④ Isipin ng buong pamilya kung paano pangangalagaan ang katawan at isip.
- ⑤ Huwag parating pagamitin ng cellphone o video game.
- ⑥ Mag-ingat na hindi magkasunog.



8 Mag-ingat para hindi kumalat ang impeksyon.

- ① Matulog, kumain at mag-eherhisyo nang mabuti.
- ② Maghugas ng kamay nang ilang beses sa 1 araw.
- ③ Huwag pumunta sa lugar na hindi maganda ang daloy ng hangin at marami ang tao.
- ④ Pahanginan ang kuwarto para mapalitan ang hangin sa loob.

